San Diego Unified School District

EUGENE BRUCKER EDUCATION CENTER
4100 Normal Street, San Diego, CA 92103-2682

(619) 725-5506

Carl A. Cohn
Superintendent of Schools

Desiyembre 2007

Mahal na mga Magulang at Tagapag-alaga,

Maraming salamat sa inyo, ang taong 2007 ay naging napakagandang taon para sa ating mga mag-aaral ng San Diego Unified School District. Sa nangyaring sunog at ang kinailangang pagsara ng mga paaralan, nagpapasalamat ako sa lahat ng tumulong sa pangangalaga ng ating mga kabataang maging ligtas at natututo. Ako'y binibigyang lakas araw-araw ng mabubuting mga kagawad ng paaralan, mapagtangkilik na pamilya at matulunging mamamayang patuloy na nagbibigay halaga sa ating mga mag-aaral, kahit anong mga paghamong nakaharap sa ating mga paaralan.

Sa gitna ng kahirapang nakaharap sa pangkabuhayan, si Gobernador Schwarzenneger kamakailan ay nagpahayag ng pagbawas sa mga pondong pangangailangan sa buong estado sa taong 2008. Nais naming matiyak na ang pag-aaral ng ating mga mag-aaral sa San Diego ay tatanggap ng mataas na pangunguna sa limitadong pondo ng estado --- lalo na at ang ating mga paaralan ay nabalam ng sunog. Gaya ng inyong kaalaman, ang California ay gumugugol ng mas mababa sa bawa't mag-aaral kaysa sa karamihang malalaking mangangalakal na estado kung saan dapat nating panindigan, bagama't ang ating mga kabataan ay hindi naman pahuhuli na karapatdapat kaysa sa mga mag-aaral sa alinmang ibang estado. Kaya kailangan nating maging matibay na tagapagtaguyod nila.

Sa inyong kaalaman, binabalak kong magretiro sa madaling panahon. Napakalaking karangalang napaglingkuran kayo at ng inyong mga anak. Isang karangalan ang pakikipagtulungan sa paggawa sa kaayusan ng mga paaralang tiyak na may kakayahang maging pinakamahusay na pinakamalaking paaralang distrito. Sa loob ng nakaraang dalawang taon – sa inyong tulong – ang ating mga guro at kawani ay gumawa ng mahalagang pagsulong patungo sa gayong adhikain. Alam nating ang lahat ng mag-aaral ay may kakayahang matuto. Ang ating bayang paaralan ay sumumpa sa pagtupad nitong pangako, at maraming mga magulang at mag-aaral ang nakaaalam na ang ating mga paaralan ay nangingibabaw sa itaas.

Walang ibang higit na mahalagang layunin maliban sa pag-aaral at ang kinabukasan ng ating mga mag-aaral at ang mga mag-anak na ating pinaglilingkuran. Ang matuto ay napakahalaga. Maaari nitong baguhin ang buhay ng tao. Binubuksan nito ang pintuan. Sa lahat na handog na ating ibinibigay sa ating mga anak sa panahong ito, ang isang mabuting edukasyon ay isang handog na maibibigay sa mga kabataan na hindi kailanman makukuha ng iba.

Buong katapatan,

Carl A. Cohn
Tagapamahala ng mga Paaralan

Pahabol. Kung kayo ay naghahanap at hindi matiyak kung ano ang bibilhin, tandaan na ang isang mabuting aklat ay isang napakabuting handog para sa kabataan kahit kailan.